# BABALA NG LIMÓKON*

MARICRISTH MAGALING

*The 15-year old Manobo boy could hardly finish his sentences as he struggled to narrate the events of the afternoon of August 18. The boy's father, Herminio Samia, 70, his brothers Joebert, 20, and Emir, 19, relatives Norman, 13, and Elmer, 17 -- now dubbed the "Pangantucan 5" – were killed in Sitio Mando, Barangay Mendis, Pangantucan town in Bukidnon...*

*– www.interaksiyon.com*

Paanong maririnig ang paghuni
ng ibong limókon
upang ibabala ang sakuna?
Inuulan noon ng bala
ang Pangantucan.
Sinong makapagsasabi
kung ano ang tatamaan ng tingga

o ng lintik?
Sa ganoon naghalo ang bituka at putik,
napatid ang nagngangalit na ugat,
pinilas na tainga,
sumambulat ang utak at litid.
Umaalingasaw na

* Isang uri ng ibon na, ayon sa paniniwala ng mga sinaunang Manobo, ang huni ay nagbabadya ng masamang pangyayari.

ang katawan ng datu at kaanak
nang iutos ng mga militar
na dalhin ang mga bangkay
sa madawag na burol
para kunin ng helikopter.

Walang ano-ano'y
dumating ang unos
upang hagurin ang mga lasog-lasog
na kalamnan.
At hinding-hindi maririnig
At hinding-hindi maririnig
ng mga berdugo
ng mga sundalo

ang muling pagbabadya ng limókon.